



Superior Court of California
COUNTY OF ALAMEDA

**Porma para sa Paghiling ng Interpreter
(Sibil/Pampamilya) – ALA-INT-001**

MAHALAGA: Ang mga interpreter o tagasalin ng wika ay hindi laging makukuha para sa lahat ng mga pagdinig o sa lahat ng mga wika. Tingnan ang mga tagubilin sa pahina 2 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghiling ng isang interpreter sa isang aksiyong sibil.

1. Ako, si (pangalan): _____ ay partido sa Case Number _____.
Ako ang (tsekan ang isa sa ibaba):
 Nagsakdal/Nagpetisyon Nasasakdal/Nakademanda Iba (ilarawan): _____
2. Kailangan ko ng isang interpreter para sa (tsekan ang lahat ng angkop) akin isang testigo (ilarawan): _____
3. Ang (mga) wika kung saan kailangan ko ng interpreter ay Espanyol Biyetnamis Mandarin
 Kantones Iba (ilista lahat): _____
4. Ang pagdinig o pamamaraan ng hukuman kung saan kailangan ko ng interpreter ay nakatakda sa (petsa): _____ sa (oras): _____ sa Department _____.
 Wala pang nakatakdang petsa.
 Hindi ko alam ang petsa ng pagdinig o pamamaraan.
5. Urin ng kaso, kung alam (tsekan ang isa):
 - a. Karahasan sa tahanan b. Pisikal na pang-aabuso sa nakatatanda c. Panliligalig na sibil o nakadependeng may sapat na gulang
 - d. Labag sa batas na pagkulong o pagpigil e. Pagtatapos ng mga karapatan ng magulang
 - f. Guardianship/Conservatorship g. Pagiging tagapag-ingat ng anak/pagbisita sa anak
 - h. Pang-aabuso ng nakatatanda o nakadependeng may sapat na gulang (walang kaugnay na pisikal na pang-aabuso)
 - i. Ibang Batas na Pampamilya j. Ibang Sibil k. Hindi alam/hindi sigurado
6. Katayuan sa pagtalikdan sa bayad (tsekan ang isa)
 - a. Nakatanggap ako ng pagtalikdan sa bayad sa kasong ito noong (ibigay ang petsa ng utos na naggagawad ng pagtalikdan sa bayad at maglakip ng kopya ng utos kung makukuha): _____
 - b. Ako ay nag-aplay para sa pagtalikdan sa bayad sa kasong ito noong (petsa na iniharap ang aplikasyon): _____
 - c. Hindi ako nakatanggap at hindi ako naghahangad ng pagtalikdan sa bayad.

PETSA: _____

PIRMA: _____

MGA TAGUBILIN

1. Ang mga pamamaraan sa hukuman ay isinasagawa sa Ingles. Kung ang isang partido o isang testigo ay hindi mahusay magsalita ng Ingles, siya ay maaaring mangailangan ng isang interpreter upang tumestigo, magsalita sa hukom, at upang maintindihan ang sinasabi ng ibang mga tao sa pamamaraan. Ang mga sertipikado at rehistradong interpreter na panghukuman ay partikular na sinanay upang magsalin ng wika sa mga pamamaraan sa hukuman. Kung kailangan mo ng tulong na pangwika, dapat mong itanong sa hukuman kung ito ay maaaring magkaloob ng isang interpreter na panghukuman sa pamamagitan ng pagkumpleto sa pormang ito.
2. Hindi laging nagagawa ng hukuman na magkaloob o magbayad para sa isang interpreter sa bawat wika o sa bawat kasong sibil. Ang Lehislatura ay nagtatag ng mga prioridad kung saan ang mga hukuman ay binabayaran para sa pagkaloob ng mga interpreter sa mga kasong sibil. Ang unang prioridad ng Hukuman ay sikapang magkaloob ng mga interpreter sa mga sumusunod na uri ng mga kaso:
 - a. Mga kaso ng karahasan sa tahanan at mga kasong kaugnay ng batas na pampamilya kung saan may isang isyu ng karahasan sa tahanan;
 - b. Pang-aabuso ng nakatatanda o nakadependeng may sapat na gulang na may kaugnay na pisikal na pang-aabuso;
 - c. Mga kaso ng labag sa batas na pagpigil o pagpapaalis; at
 - d. Pagtatapos ng mga pamamaraan na kaugnay ng mga karapatan ng magulang.
3. Ang mga hukuman ay maaaring makapagkaloob ng mga interpreter sa ilang mga wika sa ilang ibang mga kasong sibil. Ang Lehislatura ay nagtatag ng mga prioridad sa mga kaso ding ito. Kung magagawa, ang Hukuman ay magsisikap magkaloob ng mga interpreter sa nasa ibabang pagkakasunod-sunod:
 - e. Mga aksiyon na may kaugnayan sa mga conservatorship o guardianship;
 - f. Mga aksiyon para sa pagiging tagapag-ingat ng anak o pagbisita sa anak;
 - g. Pang-aabuso ng nakatatanda o nakadependeng may sapat na gulang na walang kaugnay na pisikal na pang-aabuso;
 - h. Lahat ng ibang mga aksiyon na kaugnay ng batas na pampamilya; at
 - i. Lahat ng ibang mga aksiyong sibil.

Sa mga ganitong uri ng mga kaso, ang pagtatangi ay ibibigay sa mga partidong may pinansiyal na pangangailangan na kuwalipikado para sa pagtalikdan sa bayad, kaya kung kailangan mo ng isang interpreter na panghukuman at kailangan ng pinansiyal na tulong, dapat kang mag-aplay para sa isang pagtalikdan sa bayad kung wala ka pa nito. Upang magawa ito, kumpletuhin at iharap ang isang *Paghiling na Talikdan ang mga Bayad sa Hukuman o Request to Waive Court Fees* (pormang FW-001). Dapat mong ilagay sa aytem 6 ng pormang ito kung mayroon ka nang pagtalikdan sa bayad, nakapag-aplay na para dito, o hindi naghahangad na mag-aplay para dito.
4. Kung ang iyong kaso ay pumatak sa isa sa mga kategorya ng mga kasong nakalista sa mga talataan 2 o 3 na nasa itaas, at makikinabang ka sa pagkakaroon ng isang interpreter sa panahon ng iyong mga pamamaraan sa hukuman, dapat mong gamitin ang pormang ito upang humiling ng isang interpreter na panghukuman. Kumpletuhin ang unang pahina at isumite ito sa Hukuman. Ang porma ay maaaring isumite sa opisina ng klerk sa alinmang lokasyon ng hukuman kung saan dinirinig ang nasa isyung uri ng kaso.